| ASIGNATURA: | Edukasyon sa Pagpapakatao | BAITANG: | 4 |
|---|---|---|---|
| **MARKAHAN:** | Una | **PANGKAT:** | |
| **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:** | Nakapagsusuri ng katotohanan bago gumawa ng anumang hakbangin:<br>2.1. pagsangguni sa taong kinauukulan | **CODE:** | EsP4PKP-Ic-d – 24 |

Pangalan: ________________________________ Petsa: _______________

## GAWAIN 2

**PANUTO: Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot.**

1. Nanghihingi ng papel ang kaklase ni Leira sa kanya bago magsimula ang kanilang pagsusulit. Ilang piraso na lamang ang natitirang papel sa bag ni Leira. Ano ang dapat niyang sabihin sa kanyang kaklase?
   A. “Sa iba ka na lang manghingi, wala na akong papel!”
   B. “Ayoko nga, di mo din naman ako binibigyan ng papel.”
   C. “Hindi kita kaibigan, bkait ka nanghihingi sa kain ng papel?”
   D. “Pasensiya na, wala na rin akong papel na gagamitin, sa iba ka na lang manghingi.”

2. Nagkamali ang iyong kaklase sa pagbigkas ng isang salita. Nagtawanan ang iba ninyong mga kaklase. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Tatahimik at maaawa sa kaklaseng pinagtawanan.
   B. Makikitawa dahil nakakatuwa ang pagkabigkas niya.
   C. Itatanong sa guro kung paano ang tamang pagbigkas sa salita.
   D. Sasawayin ang ibang kaklase; hindi dapat pagtawanan ang pagkakamali ng iba.

3. Alin sa mga sitwasyong ito ang nagpapakita ng pagiging mapanuri?
   A. Naniniwala agad si Liza sa mga isinusumbong sa kanya ng kaklase tungkol sa kinaiinisang kaibigan.

B. Binabasa muna lahat ni Alex ang kumpletong balita o pahayag ng pangulo bago magkomento sa social media.
C. Isa si Grace sa mga aktibong nagpapahayag ng negatibong saloobin sa gobyerno kapag may bagong isyung lumabas.
D. Hindi nakikialam si Bernadette sa kahit na anong isyung ibinabalita sa radyo at telebisyon.

4. Nakita mong isa-isang pinulot ni Lorna ang mga butil ng natapong bigas sa sahig ng bahay nila. Ano ang gagawin mo?
   A. Tutulungan ko siyang pulutin ang natapong bigas.
   B. Hahayaan ko lang na pulutin niya ang bigas na natapon.
   C. Pagsasabihan ko siyang huwag nang pulutin dahil madumi na ito.
   D. Isusumbong ko siya sa nanay niya dahil natapon niya ang bigas nila.

5. Mainit ang sikat ng araw, subalit oras na ng pagpila para sa seremonya sa Watawat ng Pilipinas. Ano ang gagawin mo?
   A. Mananatili ka na lang sa loob ng sild-aralan.
   B. Pupunta ka sa may lilim ng puno at doon kakanta.
   C. Pipila ka pa rin kahit mainit na dun sa lugar ng pagpipilahan.
   D. Magdadala ka ng payong upang habang kumakanta hindi ka maiinitan.

6. Nabasa ng ulan ang kama mo kaya kinakailangan mong maglatag at humiga sa sahig. Ano ang mararamdaman mo?
   A. Magiging masaya ako dahil magpapabili ako ng bagong kama sa aking mga magulang.
   B. Magtatampo ako sa aking magulang dahil hindi matibay ang bubong namin.
   C. Magtitiis muna ako na matulog sa sahig hangga’t di pa natutuyo ang kama ko.
   D. Malulungkot ako dahil hindi ako sanay humiga sa sahig.

7. Narinig ni Aaron na may parating na bagyo at sinuspinde na ang mga klase sa kalapit na lugar.Ano ang dapat gawin ni Aaron?
   A. Makinig sa radyo o manood sa telebisyon para sa mahalagang pahayag.
   B. Tawagan ang mga kamag-aral at sabihing wala na rin silang pasok.
   C. Muling matulog dahil wala na rin sigurong klaseng kanilang paaralan.
   D. Magdasal na lalong lumakas ang ulan.

8. Oras ng talakayan sa klase, hiningan kayo ng guro ng inyong opinyon tungkol sa pinakahuling pangyayari sa bansa. Ano ang gagawin mo kung may nalalaman ka tungkol sa paksa?
   A. Sasali sa talakayan at ibabahagi ang nalalaman.
   B. Isusulat sa papel ang opinyon at ibibigay sa guro pagkatapos ng klase.
   C. Tatahimik muna at hihintayin na may mauna na kaklase na magbahagi.
   D. Ipaaalam sa mga kaklase na mas marami siyang nalalaman kaysa sa kanila.

9. Binanggit sa balita na may darating na malakas na ulan pero wala pa namang signal ng bagyo, kaya mayroon pa ring pasok sa paaralan. Hindi ka pinapasok ng nanay mo upang makapaghanda kayo kung sakaling tumaas ang tubig sa ilog. Ang inyong pangkat ang mag-uulat sa klase at nakasalalay dito ang inyong makukuhang marka. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Tutulungan ko na ang nanay ko sa paghahanda ng mga gamit bago ako pumasok.
   B. Susundin ko ang nanay ko. Bahala nang mag-ulat ang mga kasama ko sa pangkat.
   C. Papasok ako pero magpapaalam ako na umuwi kaagad kung sakaling lumakas ang ulan.
   D. Sasabihin ko kay nanay na kailangan kong pumasok dahil mag-uulat ang pangkat namin.

10. Bagong lipat ng paaralan si Gina. Napapadalas ang pang-aasar ng kaklase ninyong si Bert kay Gina. Minsan, nakita mo na kinuha at itinago ni Bert ang bag ni Gina. Ano ang dapat mong gawin?
    A. Sasabihin ko sa aming guro ang ginagawa ni Bert kay Gina.
    B. Kakausapin ko si Bert at sasabihin na tigilan na ang pang-aasar kay Gina.
    C. Sasabihin ko kay Gina na kausapin niya si Bert para malaman nito ang nararamdaman niya.
    D. Kukunin ko ang bag at isasauli kay Gina at sasabihin ko na si Bert ang kumuha at nagtago.